# DV-110 T Pansamantalang Kautusan sa Pagpigil

☐ Orihinal na Kautusan ☐ ______ Inamyendahang Kautusan

*Tinatakan ng klerk ng petsa dito kapag ang porma ay naisampa.*

Bilang impormasyon lamang
Huwag ihain sa korte

*Ilagay ang pangalan ng korte at address ng kalye:*

**Kataas-taasang Korte ng California, County ng**

*Pupunan ng korte ang numero ng kaso kapag naihain na ang form*

**Numero ng Kaso**
Huwag ihain sa korte

**Instruksyon:** (1), (2), at (3) lang ang dapat kumpletuhin ng taong humihiling ng kautusan sa pagpigil. Ang korte ang kukumpleto sa natitirang bahagi ng form na ito

## (1) Taong Protektado *(pangalan)*: ______

## (2) Taong Pinigilan

***Buong Pangalan**: ______

***Kasarian**: ☐ M ☐ F ☐ Nonbinary ***Lahi**: ______

***Edad**: ____ *(tantyahin, kung hindi alam ang edad)* Petsa ng Kapanganakan: ______

Taas: ______ Timbang: ______

Kulay ng Buhok: ______ Kulay ng Mata: ______

Relasyon sa taong nasa (1): ______

Address ng taong pinigilan: ______

Siyudad: ______ Estado: ____ Zip: ______

Mga armas, parte ng armas, o ammunition na maaaring mayroon ang taong pinigilan: *(Isama ang impormasyon mula sa form DV-100, sa item 9)*

______
______
______

**(Ang impormasyon na may bituin (*) sa tabi nito ay kinakailangan** upang maidagdag ang kautusan na ito sa isang database ng pulisya sa California. Ibigay ang lahat ng impormasyong alam mo.)

## (3) ☐ Iba pang Taong Protektado

Bilang karagdagan sa taong pinangalanan sa (1) ang mga taong nakalista sa baba ay protektado ng mga kautusan na nakalista sa (8) sa pamamagitan ng (11).

| Buong Pangalan | Relasyon sa taong nasa (1) | Edad |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

☐ Itsek dito kung kailangan mong maglista ng mas maraming tao. Ilista ang mga ito sa isang hiwalay na piraso ng papel, isulat ang "DV-110, Iba pang Taong protektado" sa itaas, at ilakip ito sa form na ito.

*(Ang korte ang kukumpleto sa natitirang bahagi ng form na ito)*

## (4) Petsa ng Inyong Pagdinig (Petsa ng Korte)



**Ang kautusan na ito ay mag-eexpire sa pagtatapos ng pagdinig na nakalista sa baba:**

Petsa ng Pagdinig: ______ Oras: ______ ☐ a.m. ☐ p.m.

**Dapat ipatupad ang kautusang ito sa buong Estados Unidos Tingnan ang pahina 7.**

**Isa itong Kautusan ng Korte.**

## Para sa Taong nasa (2)

**Ibinigay ng hukom ang mga pansamantalang kautusan. Tingnan ang (5) sa pamamagitan ng (20). Kung hindi ka susunod sa mga kautusan na ito, maaari kang kasuhan ng krimen, mabilanggo o makulong, at/o magbayad ng multa. Malubhang krimen ang pagkuha o pagtago ng isang bata na paglabag sa kautusang ito.**

## (5) Walang mga Armas (Mga Baril), Mga Parte ng Armas, o Ammunition

a. Hindi ka pwedeng magmay-ari, magkaroon, bumili o subukang bumili, tumanggap o subukang tumanggap, o anumang ibang paraan para kumuha ng anumang ipinagbabawal na bagay na nakalista sa baba sa b.

b. **Ang mga ipinagbabawal na bagay ay:**

(1) Mga armas (mga baril)

(2) Mga parte ng armas, ibig sabihin mga receiver, frame, at anumang bagay na maaaring gamitin o madaling gawing receiver o frame (tingnan ang seksyon ng Kodigo Penal 16531); at

(3) Ammunition.

c. Sa loob ng 24 na oras pagkatapos matanggap ang kautusan na ito, dapat mong ibenta sa o ipatago sa lisensyadong nagbebenta ng baril, o ibigay sa tagapagpatupad ng batas, ang anumang ipinagbabawal na mga bagay na mayroon ka na iyong pagmamay-ari mismo o kontrol.

d. Kung hihilingin ng tagapagpatupad ng batas ang yong mga ipinagbabawal na bagay, dapat mong ibigay agad ang mga ito.

e. Sa loob ng 48 oras pagkatapos matanggap ang kautusan na ito, dapat kang maghain ng resibo sa korte na nagpapatunay na ang lahat nang ipinagbabawal na bagay ay naibigay, naibenta, o naitago. (Maaari mong gamitin ang form DV-800/JV-270, *Resibo para sa Mga Armas, Parte ng Armas, at Ammunition.*) Kung ang nagpapatupad ng batas ay naghain sa inyo ng kautusan sa pagpigil, dapat kang magbigay ng kopya ng resibo sa nagpapatupad ng batas na ahensyang iyon.

## (6) ☐ Ang Taong Pinigilan ay May Mga Ipinagbabawal na Bagay

Napag-alaman ng korte na mayroon ka ng mga sumusunod na ipinagbabawal na bagay:

a. Mga armas at/o mga parte ng armas

| | Paglalarawan *(kabilang ang serial number kung alam)* | Lokasyon, kung alam | Katibayan ng pagsunod na natanggap ng korte |
|---|---|---|---|
| (1) | | | ☐ *(petsa):* |
| (2) | | | ☐ *(petsa):* |
| (3) | | | ☐ *(petsa):* |
| (4) | | | ☐ *(petsa):* |

b. Ammunition

| | Paglalarawan | Dami, kung alam | Lokasyon, kung alam | Katibayan ng pagsunod na natanggap ng korte |
|---|---|---|---|---|
| (1) | | | | ☐ *(petsa):* |
| (2) | | | | ☐ *(petsa):* |
| (3) | | | | ☐ *(petsa):* |
| (4) | | | | ☐ *(petsa):* |

**Isa itong Kautusan ng Korte.**

## (7) ☐ Pagdinig sa Korte upang I-review ang Pagsunod sa Mga Armas (Mga Baril), Mga Parte ng Armas, at Ammunition

Bilang karagdagan sa pagdinig na nakalista sa form DV-109, bagay (3), dapat kang dumalo sa pagdinig sa korte na nakalista sa baba upang patunayan na maayos naibigay mo, naibenta, o naitago ang lahat ng mga ipinagbabawal na bagay (inilarawan sa (5)b) na mayroon ka pa rin o pagmamay-ari, kabilang ang anumang bagay na nakalista sa (6). Kung hindi ka dumalo sa pagdinig sa korte na nakalista sa baba, maaaring makita ng hukom na lumabag ka sa kautusan sa pagpigil at aabisuhan ang tagapagpatupad ng batas at ang abogadong nag-uusig sa paglabag.

Petsa: ________________ Dept.: ______________

Oras: ______________ Kuwarto: ______________

Pangalan at address ng korte, kung iba sa address ng korte na nakalista sa pahina 1

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## (8) Hindi maaaring hanapin ang mga Taong Protektado

Hindi ka dapat gumawa ng anumang hakbang upang hanapin ang sinuman na protektado ng kautusan na ito, kabilang ang kanilang mga tirahan o lokasyon.

☐ Kung natsek, ang kautusan na ito ay **hindi ibinigay** dahil nakakita ang hukom ng sapat na dahilan upang hindi ipatupad ang kautusan.

## (9) Kautusan na huwag Mang-abuso ☐ **Hindi hiniling** ☐ **Tinanggihan hanggang sa pagdinig** ☐ **Ibinigay tulad ng mga sumusunod:**

**Hindi mo dapat gawin ang mga sumusunod na bagay sa taong nasa (1) at sinumang tao na nakalista sa (3) :**

- Pambabastos, pag-atake, pagsugod, pagbabanta, pagsalakay (sekswal o hindi man), hampasin, sundan, subaybayan, molestiyahin, sirain ang personal na ari-arian, panatilihin sa ilalim ng pagbabantay, magpanggap (sa internet, elektroniko, o hindi man), harangin ang mga paggalaw, inisin sa pamamagitan ng telepono o iba pang elektronikong paraan (kabilang ang paulit-ulit na pangongontak), o guluhin ang kapayapaan.

- Ang "guluhin ang kapayapaan" ay nangangahulugang sirain ang pagiging kalmado ng isip at emosyon isang tao. Maaari itong gawin nang direkta o hindi direkta, tulad ng sa pamamagitan ng ibang tao. Maaari din itong gawin sa anumang paraan, tulad ng sa pamamagitan ng telepono, sa text, o online. Kabilang din sa panggugulo ng kapayapaan ang sapilitang pagkontrol.

- Ang "sapilitang pagkontrol" ay nangangahulugang ilang mga akto na hindi makatwirang naglilimita sa malayang kalooban at mga karapatan ng sinumang taong protektado ng kautusan sa pagpigil na ito. Kabilang sa mga halimbawa ang pagpapahiwalay sa kanila sa mga kaibigan, kamag-anak, o iba pang suporta; pagpigil sa kanila sa pagkain o pangunahing pangangailangan; pagkontrol o pagsubaybay sa kanila, kabilang ang kanilang mga galaw, pakikipag-ugnayan, kilos, pera, o access sa mga serbisyo; at pagpapagawa sa kanila ng isang bagay sa pamamagitan ng puwersa, pagbabanta, o pananakot, kabilang ang mga pagbabanta batay sa aktwal o pinaghihinalaang immigration status. Kabilang sa sapilitang pagkontrol ang sapilitang pagpapaanak na nangangahulugang pagkontrol sa mga kagustuhan sa pag-aanak ng isang tao, tulad ng paggamit ng puwersa, pagbabanta, o pananakot para pakialaman ang isang tao na magbuntis o hindi, at kontrolin o hadlangan ang kontrasepsyon, kontrol sa panganganak, pagbubuntis, o pag-access sa impormasyong pangkalusugan ng isang tao.

**Isa itong Kautusan ng Korte.**

## (10) Kautusan sa Walang Pakikipag-ugnayan ☐ **Hindi hiniling** ☐ **Tinanggihan hanggang sa pagdinig** ☐ **Ipinagkaloob tulad ng mga sumusunod:**

a. Hindi ka dapat **na makipag-ugnayan** ☐ sa taong nasa (1) ☐ sa mga taong nasa (3) direkta o hindi direkta, sa anumang paraan, kabilang ang sa pamamagitan ng telepono, sulat, email, o iba pang elektronikong paraan.

b. ☐ Pag-aalis sa 10a:

(1) ☐ Maaari kang magkaroon ng maikli at mapayapang pakikipag-ugnayan sa taong nasa (1) para lamang makipag-usap tungkol sa inyong mga anak para sa mga pagbisita na iniutos ng korte.

(2) ☐ Maaari ka lamang makipag-ugnayan sa inyong mga anak sa panahon ng pakikipag-ugnayan o sa mga pagbisita na iniutos ng korte.

(3) ☐ Iba pa *(ipaliwanag):* ______________________________

c. Ang mapayapang nakasulat na pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng isang abogado o tagahain ng proseso o ibang tao para sa serbisyo ng mga legal na papeles na may kaugnayan sa isang kaso sa korte ay pinapayagan at hindi lumalabag sa kautusang ito.

## (11) Kautusan na Manatiling sa Malayo ☐ **Hindi hiniling** ☐ **Tinanggihan hanggang sa pagdinig** ☐ **Ipinagkaloob tulad ng mga sumusunod:**

a. **Dapat kang** manatili nang hindi bababa sa *(tukuyin):* __________ yarda ang layo mula sa *(tsekan ang lahat ng naaangkop):*

☐ Taong nasa (1).
☐ Bahay ng taong nasa (1).
☐ Trabaho o lugar ng trabaho ng taong nasa (1).
☐ Sasakyan ng taong nasa (1).
☐ Paaralan ng taong nasa (1).
☐ Mga taong nasa (3).
☐ Paaralan ng mga bata o pinagpapaalagaan sa bata.
☐ Iba pa *(ipaliwanag):* ______________________________

b. ☐ Pag-aalis sa 11a:

Ang kautusan na manatili sa malayo ay hindi nalalapat sa:

(1) ☐ Para ipagpalit mo ang inyong mga anak sa mga pagbisita na iniutos ng korte. Dapat mong gawin ito nang maikli at mapayapa.

(2) ☐ Para bisitahin mo ang inyong mga anak para sa iniutos ng korte sa pakikipag-ugnayan o mga pagbisita

(3) ☐ Iba pa *(ipaliwanag):* ______________________________
______________________________

## (12) Kautusan na Umalis ng Bahay ☐ **Hindi hiniling** ☐ **Tinanggihan hanggang sa pagdinig** ☐ **Ipinagkaloob tulad ng mga sumusunod:**

Kunin mo lang dapat ang inyong personal na damit at mga gamit na kailangan hanggang sa pagdinig at umalis kaagad sa bahay mula sa *(address):* ______________________________

## (13) Iba pang Kautusan ☐ **Hindi hiniling** ☐ **Tinanggihan hanggang sa pagdinig** ☐ **Ipinagkaloob tulad ng mga sumusunod:**

______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

**Isa itong Kautusan ng Korte.**

## 14 Kustodiya at Pagbisita sa Bata ☐ Hindi hiniling ☐ Tinanggihan hanggang sa pagdinig ☐ Ipinagkaloob tulad ng mga sumusunod:

Ibinigay sa nakalakip na form DV-140, *Kautusan sa Kustodiya at Pagbisita sa Bata,* at

☐ *(ilista ang iba pang form):* ______________________________ .

## 15 Protektahan ang mga Hayop ☐ Hindi hiniling ☐ Tinanggihan hanggang sa pagdinig ☐ Ipinagkaloob tulad ng mga sumusunod:

a. ☐ Dapat kang manatili sa hindi bababa sa ________ na yarda ang layo mula sa mga hayop na nakalista sa baba.

b. ☐ Hindi mo dapat kunin, ibenta, itago, molestiyahin, atakihin, hampasin, bantaan, saktan, tanggalin, ilipat, o humiram ng may kapalit sa mga hayop.

c. ☐ Ang taong nasa (1) ay binibigyan ng solong pagmamay-ari, pangangalaga, at kontrol sa mga hayop na nakalista sa baba.

| Pangalan *(o iba pang paraan upang makapag-ID ng hayop)* | Uri ng hayop | Lahi *(kung alam)* | Kulay |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |

## 16 Kontrol sa Ari-arian ☐ Hindi hiniling ☐ Tinanggihan hanggang sa pagdinig ☐ Ipinagkaloob tulad ng mga sumusunod:

Hanggang sa pagdinig, **tanging** ang taong nasa (1) lamang ang maaaring gumamit, mangkontrol, at magkaroon ng sumusunod na ari-arian:

______________________________
______________________________
______________________________

## 17 Insurance sa Kalusugan at Iba pang Insurance ☐ Hindi hiniling ☐ Tinanggihan hanggang sa pagdinig ☐ Ipinagkaloob tulad ng mga sumusunod:

Ang Taong ☐ nasa (1) ☐ nasa (2) ay inuutusan na **huwag** mag-cash, humiram ng may tubo, magkansela, ilipat, itapon, o baguhin ang mga benepisyaryo ng anumang insurance o coverage na hawak para sa kapakinabangan ng mga panig—o ng kanilang mga anak, kung mayroon man—kung kanino maaaring iutos ang suporta, o pareho.

## 18 Irekord ang mga Komunikasyon ☐ Hindi hiniling ☐ Tinanggihan hanggang sa pagdinig ☐ Ipinagkaloob tulad ng mga sumusunod:

Ang taong nasa (1) ay maaaring magrekord ng mga komunikasyong ginawa ng taong nasa (2) na lumalabag sa kautusang ito.

**Isa itong Kautusan ng Korte.**

## (19) Pagpigil sa Ari-arian

☐ **Hindi hiniling** ☐ **Tinanggihan hanggang sa pagdinig** ☐ **Ipinagkaloob tulad ng mga sumusunod:**

Ang Taong ☐ nasa (1) ☐ nasa (2) ay hindi dapat ilipat, humiram ng may tubo, magbenta, magtago, o mag-alis o manira ng anumang ari-arian, kabilang ang mga hayop, maliban sa karaniwang daloy ng negosyo o para sa mga pangunahing pangangailangan sa buhay. Bilang karagdagan, dapat ipaalam ng bawat isa ang tungkol sa anumang bago o malaking gastusin at ipaliwanag ang mga ito sa korte. (Kung ibinigay ng korte (8), ang taong nasa (2) ay hindi dapat makipag-ugnayan ang taong nasa (1). Upang abisuhan ang taong nasa (1) sa bago o malaking gastusin, magkaroon ng isang tagahain ng sulat o personal na magbigay ang impormasyon sa taong nasa (1) o makipag-ugnayan sa kanilang abogado, kung mayroon sila nito.)

## (20) Magbayad ng mga Utang na Inutang para sa Ari-arian

☐ **Hindi hiniling** ☐ **Tinanggihan hanggang sa pagdinig** ☐ **Ipinagkaloob tulad ng mga sumusunod:**

Ang taong nasa (2) ay dapat na gumawa ng mga pagbabayad na ito hanggang sa matapos ang kautusan na ito:

Magbayad sa: ________________ Para sa: ___________ Halaga: $ _________ Takdang petsa: _______________
Magbayad sa: ________________ Para sa: ___________ Halaga: $ _________ Takdang petsa: _______________
Magbayad sa: ________________ Para sa: ___________ Halaga: $ _________ Takdang petsa: _______________

## (21) Mga Kautusan na Maaaring Gawin sa Petsa ng Pagdinig (Petsa ng Pagdinig sa Korte)

Kung tsinekan ng taong nasa (1) ang alinman sa mga kautusan na ito sa form DV-100, maaaring ibigay ng hukom ang mga ito sa petsa ng inyong pagdinig sa korte.

- **Suporta sa Bata**
- **Mga Bayarin at Gastos sa Abogadp**
- **Programa ng Pamamagitan sa Mananakit**
- **Suporta sa Asawa**
- **Bayaran ang mga Gastusin na sanhi ng Pang-aabuso**
- **Transfer ng Wireless Phone Account**

## (22) Walang Bayad sa Paghain (Abisuhan)ang Taong Pinigilan

Ihahain ng sheriff o marshal ang kautusan na ito nang libre. Kung gusto mong ihain ng sheriff ang iyong mga papeles, kumpletuhin ang form SER-001, *Kahilingan para sa Sheriff na Maghatid ng mga Papel ng Korte.* Magbigay ng SER-001 at isang kopya ng kautusan na ito sa sheriff.

## (23) ☐ Mga kalakip na pahina *(Lahat ng mga nakalakip na pahina ay bahagi ng kautusan na ito.)*

a. Bilang ng mga pahina na nakalakip sa siyam na pahinang form na ito: ________________

b. Kabilang sa mga kalakip ang mga form na *(tsekan ang lahat ng naaangkop):*

☐ DV-140 ☐ DV-145 ☐ DV-820 ☐ Iba pa: ____________________________________

## Pirma ng Hukom

Petsa: ____________________

______________________________
*Hukom o Opisyal ng Hukuman*

**Isa itong Kautusan ng Korte.**

**Sertipiko ng Pagsunod sa VAWA**

Ang pansamantalang kautusan ng proteksyon na ito ay nakakatugon sa lahat ng mga kahingian ng "buong tiwala at kredito" ng Batas Laban sa Karahasan sa Kababaihan 18 U.S.C. sa seksyon 2265 (1994) (VAWA), sa abiso ng taong pinigilan. Ang korte na ito ay may hurisdiksyon sa mga panig at sa paksa; ang taong pinigilan ay nabigyan o bibigyan ng abiso at ng isang napapanahong oportunidad na marinig ayon sa ibinibigay ng mga batas sa hurisdiksyon na ito. **Ang kautusan na ito ay may bisa at may karapatan sa pagpapatupad sa bawat hurisdiksyon sa buong 50 na estado ng Estados Unidos, ang Distrito ng Columbia, lahat ng lupain ng tribo, at lahat ng teritoryo ng E.U., komonwelt, at pag-aari at dapat na ipatupad na parang ito ay isang kautusan ng hurisdiksyon na iyon.**

## Mga Babala at Abiso saTaong Pinigilan sa ②

### Ang inyong Address para Makatanggap ng mga Kautusan ng Korte

Kung gumawa ang hukom ng kautusan sa pagpigil sa pagdinig (petsa ng pagdinig sa korte), na may mga parehong kautusan tulad ng nandito sa Pansamantalang Kautusan sa Pagpigil, makakakuha ka ng kopya ng kautusan na iyon sa pamamagitan ng sulat sa huling alam na address ninyo, na nakasulat sa ② sa pahina 1. Kung ang inyong address ay hindi nakalista sa form na ito o hindi tama, makipag-ugnayan sa korte. Kung hindi ka dumalo sa inyong pagdinig at gustong malaman kung ibinigay ng hukom ang kautusan sa pagpigil laban sa inyo, makipag-ugnayan sa korte.

### Kustodiya at Pagbisita sa Bata, at Suporta

- **Kustodiya at pagbisita sa bata:** Kung hindi ka dadalo sa inyong pagdinig (petsa ng pagdinig sa korte), ang hukom ay maaaring gumawa ng mga kautusan sa kustodiya at pagbisita para sa inyong mga anak nang walang pagdinig mula sa inyo.

- **Suporta sa bata:** Ang hukom ay maaaring mag-utos ng suporta sa bata batay sa kita ng parehong mga magulang. Maaari ring kunin ng hukom ang suporta na iyon nang direkta mula sa sahod ng magulang. Maaaring maging malaking pera ang suporta sa bata, at karaniwan ay kailangan mong magbayad hanggang ang bata ay edad 18. Ihain at isampa ang form FL-150, *ang Deklarasyon ng Kita at Gastos*, o ang form FL-155, *ang Pahayag sa Pananalapi (Pinasimple)*, kung gusto mong magkaroon ng impormasyon ang hukom tungkol sa yong pinansya. Kung hindi, maaaring gumawa ang korte ng mga kautusan ng suporta nang walang pagdinig mula sa inyo.

- **Suporta sa asawa:** Ihain at isampa ang form FL-150, *ang Deklarasyon ng Kita at Gastos,* para magkaroon ng impormasyon ang hukom tungkol sa yong pananalapi. Kung hindi, maaaring gumawa ang korte ng mga kautusan ng suporta nang walang pagdinig mula sa inyo.

### Mga armas (Mga baril), Mga Parte ng Armas, at Ammunition

Sa ilalim ng batas ng California, hindi ka maaaring magkaroon ng anumang mga armas (mga baril), ilang parte ng armas, o ammunition. (Mga seksyon ng Kodigo ng Pamilya sa 6216 at 6389(a)). Hilingin sa korte ang para sa impormasyon kung paano maayos na ibigay, ibenta, o ipatago ang mga bagay na ito sa inyong siyudad o county. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa inyong lokal na departamento ng pulisya para sa mga instruksyon.

**Isa itong Kautusan ng Korte.**

## Mga Instruksyon para sa Pagpapatupad ng Batas

Ang kautusan ay magkakabisa agad pagkatapos na gawin ito. Ipapatupad ito ng anumang ahensyang nagpapatupad ng batas na nakatanggap ng kautusan, nagpakita ng kopya ng kautusan, o napatunayan ang pagkakaroon nito sa California Law Enforcement Telecommunications System (CLETS). Kung ang ahensyang nagpapatupad ng batas ay hindi nakatanggap ng katibayan ng serbisyo sa taong pinigilan, at ang taong pinigilan ay wala sa pagdinig sa korte, dapat payuhan ng ahensya ang taong pinigilan ng mga tuntunin ng kautusan at dapat itong ipatupad pagkatapos. Ang mga paglabag sa kautusang ito ay napapailalim sa mga kriminal na parusa.

### Mga Tungkulin ng Opisyal na Maghahain sa Kautusang Ito

Ang opisyal na maghahain sa kautusang ito sa Taong Pinigilan ay dapat gawin ang mga sumusunod:

- Hilingin sa Taong Pinigilan ang hawak na anumang mga ipinagbabawal na bagay na nakalista sa (6), o may kustodiya o kontrol sa anumang hindi pa nila naibigay.
- Utusan ang Taong Pinigilan na isuko kaagad sa inyo ang lahat ng ipinagbabawal na bagay.
- Mag-isyu ng resibo sa Taong Pinigilan para sa lahat ng ipinagbabawal na bagay na isinuko.
- Kumpletuhin ang patunay ng personal na serbisyo at ihain ito sa korte. Maaari mong gamitin ang form DV-200 para sa layuning ito.

  Sa loob ng isang araw ng opisina ng serbisyo, direktang isumite ang patunay ng serbisyo sa California Restraining and Protective Order System (CARPOS), kasama ang pangalan ng naghahain na opisyal at ahensya na nagpapatupad ng batas.

### Kailangang Ipatupad ang Pag-aresto Kapag Lumabag sa Kautusan

Kung mayroong sapat na dahilan ang isang opisyal upang maniwala na may abiso ng kautusan ang taong pinigilan at sumuway sa kautusan, kinakailangang arestuhin ng opisyal ang taong pinigilan. (Mga seksyon ng Kodigo Penal sa 836(c)(1), 13701(b).) Ang isang paglabag sa kautusan ay maaaring isang paglabag sa seksyon ng Kodigo Penal sa 166 o 273.6.

### Kung Nakipag-ugnayan ang Taong Protektado sa Taong Pinigilan

Kahit na ang protektadong tao ay inimbita o pumayag na makipag-ugnayan sa taong pinigilan, ang mga kautusan ay mananatiling may bisa at dapat na ipatupad. Ang taong protektado ay hindi maaaring arestuhin para sa pag-imbita o pagpayag na makipag-ugnayan sa taong pinigilan. Ang mga kautusan ay maaari lamang baguhin sa pamamagitan ng ibang kautusan ng korte. (Seksyon ng Kodigo Penal sa 13710(b).)

### Kustodiya at Pagbisita sa Bata

Ang kustodiya at Pagbisita sa Bata ay nakalista sa form DV-140 o sa iba pang nakalakip na form. Kung ginawa ng hukom ang mga kautusan na ito, tingnan sa (10) at sa (11) ng utos na ito upang makita kung ibinigay ng hukom ang pag-aalis para sa maikli at mapayapang pakikipag-ugnayan sa taong nasa (1) na kailangan upang sundin ang mga pagbisita na iniutos ng korte. Ang pakikipag-ugnayan sa taong nasa (2) na hindi maikli at mapayapa ay isang paglabag sa kautusang ito. **Ang mga form DV-100 at DV-105 ay hindi mga kautusan. Huwag ipatupad ang mga ito.**

**Isa itong Kautusan ng Korte.**

## Magkasalungat na mga Kautusan—Mga Priyoridad para sa Pagpapatupad

**Kung higit sa isa ang kautusan sa pagpigil ang inilabas na nagpoprotekta sa taong protektado mula sa taong pinigilan, ang mga kautusan ay dapat ipatupad sa mga sumusunod na priyoridad** (tingnan ang seksyon ng Kodigo Penal sa 136.2 at mga seksyon ng Kodigo sa Pamilya sa 6383(h)(2), 6405(b)) :

1. **Pang-emergency na Kautusan sa Pagprotekta (EPO):** Kung ang isa sa mga kautusan ay *Pang-emergency Kautusan sa Pagprotekta* (form EPO-001), ang mga probisyon (hal., kautusan na manatili sa malayo) na mas mahigpit kaysa sa iba pang kautusan sa pagprotekta/pagpigil ay dapat ipatupad. Ang mga probisyon ng isa pang kautusan na hindi sumasalungat sa EPO ay dapat na ipatupad.

2. **Kautusan sa Walang Pakikipag-ugnayan:** Kung ang isang kautusan sa proteksyon/pagpigil ay may kasamang kautusan sa walang pakikipag-ugnayan, dapat na ipatupad ang kautusan sa walang pakikipag-ugnayan. Ang bagay sa (10) ay isang halimbawa ng kautusan sa walang pakikipag-ugnayan.

3. **Kautusan sa Pagprotekta mula sa Kriminal (CPO):** Kung wala sa mga kautusan na kabilang ang EPO o kautusan sa walang pakikipag-ugnayan, dapat na ipatupad ang pinakabagong CPO. (Mga seksyon ng Kodigo ng Pamilya na 6383(h)(2) at 6405(b).) Karagdagan pa, isang CPO na inisyu sa isang kasong kriminal na kinasasangkutan ng mga pananagutan sa karahasan sa tahanan, mga seksyon sa Kodigo Penal sa 261, 261.5, o dating 262, o mga pananagutan na nangangailangan ng pagpaparehistro sa sekswal na nang-agrabyado na dapat ipatupad sa anumang sibil na kautusan ng korte. (Seksyon ng Kodigo Penal sa 136.2(e)(2).) Lahat ng probisyon sa sibil na kautusan ng korte na hindi sumasalungat sa CPO ay dapat na ipatupad.

4. **Sibil na Kautusan sa Pagpigil:** Kung mayroong higit sa isang sibil na kautusan sa pagpigil (hal., karahasan sa tahanan, batas para sa mga kabataan, pang-aabuso sa nakatatanda, sibil na pambabastos), dapat na ipatupad ang huling inilabas na kautusan. Ang mga probisyon na hindi sumasalungat sa pinakahuling kautusan sa pagpigil sa sibil ay dapat na ipatupad.

*(Pupunan ng klerk ang bahaging ito.)*

---

*Sertipiko ng Klerk*
*[selyo]*

### —Sertipiko ng Klerk—

Pinatutunayan ko na ang *Pansamantalang Kautusan sa Pagpigli* na ito ay totoo at tamang kopya ng orihinal na naihain sa korte.

Petsa: ___________________ Klerk, ni ________________________________ , Deputy

**Isa itong Kautusan ng Korte.**



Para lang sa Ingles na bersyong masasagutan online:
Para sa iyong proteksyon at pagkapribado, mangyaring pindutin ang buton na “I-clear ang Form na Ito” pagkatapos ma-print ang form.

I-print ang form na ito

I-save ang form na ito

Para lang sa Ingles na bersyong masasagutan online:
I-clear ang form na ito